Ang Bukang liwayway ay may dalawang uri,Ang Bukang liwayway na hinahalintulad sa buntot ng lobo,at hindi ipinapahintulot ang pagdarasal rito,at hindi ipinagbabawal ang pagkain,at ang yaong [unti-unting] nawawala na pahaba sa kalangitan,tunay na ipinapahintulot dito ang pagdarasal at ipinagbabawal ang pagkain.

Ayon kay Jābir bin `Abdullāh, malugod si Allah sa kanilang dalawa.Nagsabi siya: nagsabi ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-:Ang Bukang liwayway ay may dalawang uri,Ang Bukang liwayway na hinahalintulad sa buntot ng lobo,at hindi ipinapahintulot ang pagdarasal rito,at hindi ipinagbabawal ang pagkain,at ang yaong [unti-unting] nawawala na pahaba sa kalangitan,tunay na ipinapahintulot dito ang pagdarasal at ipinagbabawal ang pagkain.

[Tumpak] [Isinalaysay ito ni Imām Al-Ḥākim]

Binahagi ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ang Bukang-liwayway batay sa panuntunan ng dalawang bahagi: Ang unang bukang-liwayway:Tinatawag itong Bukang-liwayway na sinungaling,Pumapataas siya sa kalangitan na tulad ng haligi,siya ay tulad ng buntot ng lobo,dahil ang buntot niya ay tumutuwid pataas,at ito ay naihahalintulad sa buntot ng lobo sa pagdudugtong nito sa taas ng kalangitan,pagkatapos ay mawawala ito at susunod dito ang dilim,ang bukang-liwayway na ito ay hindi ipinapahintulot rito ang pagdarasal,ibig sabihin ay ang dasal ng Fajr,at ipinapahintulot rito ang pagkain at pag-inom sa nag-aayuno,ibig sabihin ay sinumang nag-intensiyon sa pag-aayuno,sapagkat hindi siya ang tunay na Fajr na kung saan ay ipinapahintulot dito ang pagdarasal ng Fajr,at ipinagbabawal rito sa nag-aayuno ang pagkain at pag-inom. At ang ikalawang Bukang-liwayway: at tinatawag itong;Bukang-liwayway na totoo,siya ang pahaba,ibig sabihn ay nagdudugtong sa kalangitan mula sa Hilaga hanggang sa Timog,at walang kaakibat na dilim pagkatapos nito, datapuwat ay nadadagdagan ang liwanag nito,ng unti-unti. hanggang sa lumaganap sa buong kalangitan,At ito yaong ipinapahintulot rito ang pagdarasal ng Fajr,at ipinagbabawal rito ang pagkain at pag-inom sa nag-aayuno,At ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang bukang-liwayway,Ang Bukang liwayway na totoo,ay nagdudugtong mula sa Hilaga patungo sa Timog,at ang sinungaling ay kabaliktaran nito,At ang ikalawa:Ang Bukang-liwayway na totoo,walang kaakibat na dilim pagkatapos nito;at ang sinungaling ay sinusundan ito ng dilim niya.Ang ikatlo:Ang totoo,ang liwanag nito ay nagdudugtong at ang [sinungaling] ay naghihiwalay. At ang tatlong pagkakaiba na ito ay mula sa dako paglikha ng Patalismo,at ang mula sa dako ng Kaalaman sa Islam,Tunay na ang Bukang-liwayway na sinungaling ay hindi

ipinapahintulot rito ang pagdarasal,ibig sabihin ay ang dasal ng Fajr,at ipinapahintulot rito ang pagkain at pag-inom,sa sinumang nakapag-intensiyon ng pag-aayuno,At ang Bukang-liwayway na totoo ay kabaliktaran,Ipinapahintulot rito ang pagdarasal ibig sabihin ay ang dasal ng Fajr,at ipinagbabawal rito pagkain at pag-inom sa nag-aayuno.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/10609